



**Certificate in Biblical Studies
CBS500 Ang Mga Propeta**

**CBS503 Jeremiah
Conrad Jun Tolosa**

Si Jeremiah ay isa sa mga natatanging propeta sa Bibliya. Siya ay ipinanganak mula sa mga pamilya ng mga pari sa nayon ng Anathoth, mga 2 milya hilagang-silangan ng Jerusalem. Ang kanyang prophetic ministry ay tumagal ng mahigit 40 taon, mula sa paghahari ng huling limang hari ng Juda, mula kay Josiah (640–609 BC) hanggang kay Zedekiah (597–586 BC), isang magulong panahon na nagtapos sa pagbagsak ng Jerusalem sa mga taga-Babilonya noong 586 BC.

Ang Pagtawag kay Jeremiah (Jeremiah 1)

Sa kanyang kabataan, marahil ay nasa kanyang early 20s, nakatanggap si Jeremiah ng divine calling noong paghahari ni Haring Josiah (mga 627 BC). Kinausap siya ng Diyos, na sinabing, “Bago kita nilalang sa tiyan ng iyong ina, pinili na kita. At bago ka isinilang, hinirang na kita para maging propeta sa mga bansa” (Jeremiah 1:5).

Nalula sa laki ng tungkuling ito, tumugon si Jeremiah nang may alinlangan: “Ah, Panginoong Diyos, hindi ako marunong magsalita; sapagkat ako’y bata pa” (Jeremiah 1:6). Ngunit pinatatag siya ng Diyos, nangakong iingatan siya at gagabayan. Hinipo ng Diyos ang bibig ni Jeremiah at sinabi, “Ngayon ay ibinigay ko na sa iyo ang mga mensaheng dapat mong sabihin. Ibinibigay ko rin ngayon sa iyo ang kapangyarihang mangaral sa mga bansa at kaharian, upang sila’y bunutin at ibagsak, wasakin at itapon, itayo at itanim.” (Jeremiah 1:9-10).

Ito ang naging marka ng simula ng buhay ni Jeremiah bilang propeta ng Diyos, na may tungkuling maghatid ng mga mensahe ng paghuhukom sa isang bansang tumalikod sa Diyos.

Ang Maagang Ministeryo ni Jeremiah at ang Kalagayan ng Judah (Jeremiah 2–6)

Sinimulan ni Jeremiah ang kanyang ministeryo sa ilalim ng paghahari ni Haring Josiah, na nagsagawa ng malalaking reporma sa relihiyon. Subalit, habang si Josiah ay nagsikap na ibalik ang Judah sa Diyos, nanatiling matigas ang mga puso ng mga tao.

Hindi madali ang mga salita ng Diyos kay Jeremiah. Ang mga tao ng Judah ay tumalikod sa Diyos, sumasamba sa mga diyos-diyosan at hindi pinapansin ang mga kautusan na ibinigay sa kanila. Sa halip na katarungan at awa, laganap ang katiwalian, pang-aapi, at pagsamba sa diyos-diyosan. Nadurog ang puso ni Jeremiah nang inutusan siya ng Diyos na babalaan ang mga tao sa magiging bunga ng kanilang mga gawain.

Ang mga unang mensahe ni Jeremiah ay nagpahayag ng kataksilan ng Israel. Inihalintulad ng Diyos ang Judah sa isang taksil na asawa, at inakusahan ang mga ito ng pagtalikod sa Kanya para sa mga diyos-diyosan. Sa loob ng maraming taon, tumayo si Jeremiah sa mga pampublikong lugar, sa mga pintuan ng lungsod, at maging sa Templo. Idineklara ni Jeremiah na ang kasalanan ng Judah ay nagpasiklab ng galit ng Diyos, at ang kapahamakan ay nalalapit maliban kung sila ay magsisisi.

“Dalawang kasamaan ang ginawa ng Aking bayan: Ako’y kanilang tinalikuran, ang bukal ng tubig na nagbibigay-buhay, at naghukay sila ng sariling mga balon, mga sirang balon na walang maipong tubig” (Jeremias 2:13).

Sa kabila ng kanyang mga babala, hindi pinansin ng mga tao si Jeremias, at ang kanilang katigasan ng puso ay nagdulot sa kanya ng pagluha para sa kapalaran ng kanyang bansa. Siya ay nakilala bilang Weeping Prophet, na nagdadalamhati sa hindi pagsisisi ng Judah.

Ang Paghahari ni Jehoiakim at Ang Huwad na Kaligtasan (Jeremias 7–20)

Pagkamatay ni Josiah noong 609 BC, bumagsak ng tuluyan moral at political aspect ng Judah. Ang kanyang anak na si Jehoiakim na sumunod sa trono ay binawi ang maraming reporma ni Josiah. Naniniwala ang mga tao na ang presensya ng templo sa Jerusalem ay magbibigay sa kanila ng kaligtasan, subalit tumayo si Jeremias sa templo at ipinahayag ang mensahe ng Diyos: “Huwag kayong magtiwala sa mga mapanlinlang na salita at sabihin, ‘Ito ang templo ng Panginoon, templo ng Panginoon, templo ng Panginoon!’ Hindi kayo maliligtas ng mga salitang iyan” (Jeremias 7:4).

Binalaan ni Jeremias na ang templo mismo ay hindi magpoprotekta sa kanila mula sa paghuhukom. Kanyang pinuna ang mga lider at mga huwad na propeta na nangunguna sa mga tao sa maling landas, at maling pahayag na walang paghuhukom na darating. Sa halip, ipinangaral nila ang kapayapaan kahit na ang kapahamakan ay hindi maiiwasan (Jeremias 6:14).

Sa panahong ito, nakaranas si Jeremias ng matinding pag-uusig. Siya ay tinutuya, pinarusahan, at ikinulong dahil sa kanyang matapang na pahayag, lalo na noong ipahayag niya ang pagdating ng pagsalakay ng Babilonia. Si Haring Jehoiakim, na galit sa mga hula ni Jeremias, ay sinunog pa ang isang balumbon ng kanyang mga isinulat (Jeremias 36).

Mga Pangitain at Symbolic Acts (Jeremias 13, 18, 19)

Madalas gamitin ng Diyos ang buhay ni Jeremias upang ipakita ang Kanyang mensahe sa dramatiko at simbolikong paraan. Isang araw, inutusan ng Diyos si Jeremias na bumili ng magandang sinturon na lino at isuot ito. Sumunod si Jeremias, at kalaunan ay sinabi ng Diyos na ibaon ang sinturon malapit sa Ilog Eufrates. Pagkalipas ng ilang panahon, inutusan siya ng Diyos na hukayin ito, at nang kanyang gawin, ang sinturon ay wasak at wala nang silbi. Ipinakita ng Diyos na ganito rin ang sinapit ng Kanyang bayan nang talikuran nila Siya. Sila, na minsang mahalaga at kapaki-pakinabang, ay hindi na ginagampanan ang kanilang layunin (Jeremias 13:1–11).

Isang araw, pinapunta si Jeremias ng Diyos sa bahay ng isang magpapalayok. Habang nagtatrabaho ang magpapalayok, hinuhubog ang luwad sa kanyang gulong, napansin ni Jeremias na kapag ang luwad ay nasira sa kamay ng magpapalayok, hinuhubog niya ito muli upang maging ibang sisidlan. Tulad ng magpapalayok na may kapangyarihang hubugin muli ang luwad, gayundin ang Diyos na maaaring hubugin ang mga bansa depende sa kanilang tugon sa Kanyang kalooban (Jeremias 18:6).

Ngunit patuloy na tumanggi ang mga tao ng Judah, at ang kanilang pagsuway ay nagtulak sa kanila sa kapahamakan. Gayunpaman, noong sila’y tumanggi, isinagawa ni Jeremias ang pagbasag ng isang tapayan (Jeremias 19), na sumisimbolo sa nalalapit na pagkawasak na hindi na mababawi.

Ang Paghahari ni Zedekiah at ang Pagbagsak ng Jerusalem (Jeremias 21–39)

Noong 597 BC, pagkatapos ng maikling paghahari ni Jehoiachin, si Zedekiah ang naging hari, itinakda ng mga Babilonyo. Madalas humingi ng payo si Zedekiah kay Jeremias, umaasa ng mensahe ng pag-asa. Subalit patuloy na binabalaan ni Jeremias na ang Judah ay dapat sumuko sa Babilonia o harapin ang pagkawasak.

Ibinigay ni Jeremias ang isa sa kanyang pinakamahalagang mensahe sa Jeremias 25, kung saan inihula niya na ang Judah ay ipapatapon sa Babilonia ng 70 taon. Ang hulang ito ay isang mahalagang yugto sa ministryo ni Jeremias, dahil tinukoy nito ang saklaw ng parusa ng Judah at ang kanilang huling panunumbalik.

Ang katapatan ni Jeremias sa Diyos ay may mabigat na kapalit. Hindi naging sikat ang kanyang mga salita. Siya’y tinawag na taksil dahil sa kanyang pahayag na babagsak ang Jerusalem at ang kanyang mga kababayan ay itatapon. Isang araw, dinala si Jeremias sa harap ng mga pari at opisyal. Inakusahan siya ng pagpapakalat ng takot at panghihina ng loob sa mga tao. Sa kabila ng mga babala ni Jeremias na mula sa Diyos, siya’y itinaon sa isang madilim at maputik na balon, at nalunod sa putik sa ilalim. Malamig at nag-iisa, iniwan si Jeremias upang mamatay (Jeremias 38:6).

Ngunit hindi siya kinalimutan ng Diyos. Isang lingkod na taga-Ethiopia na nangganggalang Ebed-Melek ang nakiusap kay Haring Zedekiah upang iligtas si Jeremias. Naantig ng kanyang pakiusap, pinayagan ng hari si Ebed-Melek na iahon si Jeremias mula sa balon at iligtas ang kanyang buhay (Jeremias 38:7–13).

Sa kabila ng lahat ng babala ni Jeremias, dumating din ang araw na kanyang kinatatakutan. Nilusob ng Babilonia ang Jerusalem, at pagkatapos ng buwan ng gutom at paghihirap, nabutas ang mga pader ng lungsod. Sinakop ng hukbo ni Nebucadnezar ang lungsod, sinunog ang mga bahay, at winasak ang mga pader nito. Ang magarang Templo ng Diyos, ang puso ng relihiyosong buhay ng Judah, ay giniba. Noong 586 BC, matapos ang mga taon ng paglaban, bumagsak ang Jerusalem sa Babilonia. Si Haring Zedekiah ay hinuli, binulag, at dinala sa pagkakabihag, habang sinira ng mga Babilonyo ang templo at mga pader ng lungsod (Jeremias 39).

Nadururog ang puso ni Jeremias sa pagkawasak ng Jerusalem. Bagaman tumanggi ang mga tao na makinig sa kanya, mahal na mahal niya ang kanyang bayan. Isinulat niya ang kanyang kalungkutan sa aklat ng Mga Panaghoy, na tumatangis sa mga guho ng lungsod na pilit niyang iniligtas.

Isang Bagong Tipan: Isang Pangako ng Pag-asa

Bagaman si Jeremias ay naghatid ng mga mensahe ng hatol, nagbigay din ang Diyos sa kanya ng mga salita ng pag-asa. Kahit sa gitna ng pagkawasak ng Jerusalem, ipinahayag ni Jeremias ang isang darating na panahon kung kailan magtatatag ang Diyos ng isang bagong tipan sa Kanyang bayan. Ang tipan na ito ay hindi ibabatay sa mga panlabas na batas na nakasulat sa mga bato, kundi isusulat sa mga puso ng mga tao. “Ako ang magiging Diyos nila,” ipinangako Niya, “at sila ang magiging bayan Ko. Aking patatawarin ang kanilang kasamaan at hindi Ko na aalalahanin ang kanilang mga kasalanan” (Jeremias 31:33–34).

Ang bagong tipan na ito ay nagtuturo sa isang araw kung kailan ang relasyon ng Diyos sa Kanyang bayan ay maibabalik, hindi sa pamamagitan ng mga sakripisyo at ritwal, kundi sa pamamagitan ng isang

malapit at personal na koneksyon. Sa kalaunan, ang propesiyang ito ay natupad kay Jesu Cristo, na nagtatag ng bagong tipan sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay.

Ang Huling Mga Araw ni Jeremias (Jeremias 40-44)

Matapos ang pagbagsak ng Jerusalem, nanatili si Jeremias sa maliit na grupo ng mga natirang buhay na naiwan sa lupain. Patuloy niyang ipinahayag ang mga salita ng Diyos, ngunit nang maganap ang kaguluhang pampolitika, tumakas ang isang grupo ng mga Hudyo patungong Egipto, dala si Jeremias nang laban sa kanyang kalooban. Kahit sa Egipto, binalaan pa rin niya sila na huwag magtiwala sa mga banyagang kapangyarihan kundi sa Diyos lamang. Hindi sinabi ng Bibliya kung paano nagtapos ang buhay ni Jeremias, ngunit pinaniniwalaan na siya ay namatay sa Egipto, malayo sa kanyang bayan (Jeremias 43:6-7).

Ang Huling Propesiya at Pagtatapos ng Aklat (Jeremias 45-52)

Ang mga huling kabanata ng aklat ay nakatuon sa mga hula laban sa mga bansa (Jeremias 46-51), partikular laban sa Babilonia, na bagaman ginamit ng Diyos upang parusahan ang Judah, ay haharapin din ang kanilang sariling paghuhukom. Ang kanyang huling mensahe ay nagbigay ng katarungan sa mga bansa at ipinakita ang kapangyarihan ng Diyos bilang Panginoon ng lahat ng mga tao.

Ang Jeremias 52, ang epilogo ng aklat, ay naglalarawan ng pagbagsak ng Jerusalem at pagkakatapon ng Judah, tulad ng naipahayag ni Jeremias, na nagtatapos sa malungkot na tala ng pagkawasak ng templo at ang pagkakabihag ng mga tao.

Ang Pamanang Iniwan ni Jeremias

Ang buhay ni Jeremias ay isang patotoo sa kapangyarihan ng pagtitiis, katotohanan, at pag-asa. Sa kabila ng pagtanggap, pag-uusig, at matinding kalungkutan, nanatili siyang tapat sa tawag ng Diyos. Sa pamamagitan ng kanyang halimbawa, matutuhan natin na:

- Mahalaga ang pagsunod sa Diyos. Kahit hindi ito popular o madali, ang paninindigan para sa tama ay mas mahalaga kaysa sa paghangad ng pagtanggap ng iba.
- Nag-aalok ang Diyos ng pag-asa. Hindi alintana kung gaano kalayo tayo naligaw, ang puso ng Diyos ay para sa pagbabalik-loob at pagtubos.
- Katapatan ang tunay na tagumpay. Ang buhay ni Jeremias ay nagpapakita sa atin na pinahahalagahan ng Diyos ang ating katapatan higit sa tagumpay ng mundo. Ang tunay na tagumpay ay matatagpuan sa pagtupad sa mga layunin ng Diyos sa ating buhay, anuman ang kapalit.

Ang kuwento ni Jeremias ay hindi lamang kuwento ng hatol at trahedyang, kundi isang pag-asa, tibay ng loob, at ng walang hanggang pagmamahal ng Diyos.

Multiple Choice:

1. Ano ang pangunahing mensahe na ibinigay ng Diyos kay Jeremiah nang siya ay tawagin bilang propeta?
 - a. Magtayo ng bagong templo sa Jerusalem
 - b. Ihatid ang mga mensahe ng paghuhukom sa mga bansa
 - c. Maging hari ng Judah
 - d. Mamuhay bilang isang tahimik na mamamayan

2. Paano ipinakita ni Jeremiah ang kanyang katapatan sa Diyos sa kabila ng pag-uusig?
 - a. Tumigil siya sa pangangaral upang maiwasan ang problema
 - b. Lumaban siya sa mga nag-uusig sa kanya
 - c. Nagpatuloy siya sa pagtupad sa tawag ng Diyos kahit mahirap
 - d. Nagtago siya at hindi na muling nagpakita

3. Ano ang ibig sabihin ng Diyos nang sabihin Niya na isusulat Niya ang Kanyang batas sa mga puso ng mga tao sa bagong tipan?
 - a. Literal na pagsusulat sa puso ng tao
 - b. Pagbabawal sa pagsusulat ng batas
 - c. Paglimot sa mga nakaraang kautusan
 - d. Panloob na pagbabago at tunay na pagsunod

4. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit bumagsak ang Jerusalem ayon sa kuwento?
 - a. Dahil sa kahinaan ng kanilang hukbo
 - b. Dahil sa kakulangan ng pagkain at tubig
 - c. Dahil sa pagsuway at pagtalikod nila sa Diyos
 - d. Dahil sa masamang klima at natural na kalamidad

5. Ano ang dapat nating gawin kapag ang mensahe ng katotohanan ay hindi popular sa paligid natin?
 - a. Manatiling tahimik upang hindi magulo
 - b. Ibahagi pa rin ang katotohanan nang may pagmamahal at respeto
 - c. Baguhin ang mensahe upang maging katanggap-tanggap
 - d. Iwasan ang pakikipag-usap tungkol dito

6. Anong aral ang matutuhan natin mula sa pagtitiwala ng mga tao sa templo kaysa sa Diyos mismo?
 - a. Na ang mga simbahan at ritwal ay sapat na para sa kaligtasan
 - b. Na dapat tayong magtiwala sa mga bagay kaysa sa Diyos
 - c. Na walang halaga ang mga tradisyon at seremonya
 - d. Na ang tunay na pananampalataya ay hindi nakabatay sa pisikal na istruktura o ritwal

7. Paano natin maiiwasan ang pagkakamaling ginawa ng Judah sa pagsamba sa mga diyus-diyosan sa modernong panahon?
 - a. Sa pag-prioritize sa Diyos higit sa anumang bagay sa ating buhay
 - b. Sa pag-iwas sa mga modernong teknolohiya
 - c. Sa pagsunod sa uso at kultura ng lipunan
 - d. Sa paglayo sa lahat ng uri ng libangan

8. Ano ang kahulugan ng bagong tipan na ipinahayag ni Jeremias at paano ito natupad?
 - a. Isang bagong kasunduan sa pagitan ng mga bansa
 - b. Isang panloob na pagbabago ng puso sa pamamagitan ng Mesiyas, natupad kay Jesu Cristo
 - c. Pagpapalit ng mga lumang batas ng mas mahihigpit na utos
 - d. Isang pansamantalang kasunduan hanggang sa muling pagtatayo ng templo

9. Bakit mahalaga ang propesiya ni Jeremias tungkol sa 70 taong pagkakatapon sa Babilonia?
 - a. Dahil ito ay nagbigay ng eksaktong panahon ng pagdurusa
 - b. Dahil nais ng Diyos na takutin ang mga tao
 - c. Dahil ito ay isang random na numero lamang
 - d. Dahil ito ay nagpapakita na may hangganan ang paghuhukom ng Diyos at may pag-asa ng panunumbalik

10. Tama o Mali: Si Jeremias ay hindi kailanman nakaranas ng pag-aalinlangan o kalungkutan sa kanyang ministryo.
 - a. Tama
 - b. Mali



© September 2024 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.